# Isang Quiz sa Doktrina ng Trinity

Sa librong *Delighting in the Trinity*, tinawag ni Michael Reeves ang Trinity na “ang sentrong namamahala sa lahat ng paniniwalang Kristiyano” at “ang cockpit ng lahat ng kaisipang Kristiyano.” Hindi ito irrelevant o secondary doctrine, ngunit isang doktrina na napakahalaga. Gaano ang nalalaman mo sa doktrinang ito? Ang quiz na ito ay dinisenyo upang matulungan kang malaman ang sagot diyan. Basahin mong mabuti ang bawat tanong at bilugan ang iyong sagot.

1. Mayroong isang Diyos.

   Tama Mali

2. Ang Diyos ay isang persona.

   Tama Mali

3. Mayroong tatlong Diyos.

   Tama Mali

4. May tatlong persona sa isang Diyos (Godhead).

   Tama Mali

5. Ang tatlong persona sa isang Diyos (Godhead) ay laging may kaugnayan sa isa’t isa bilang Ama, Anak at Banal na Espiritu.

   Tama Mali

6. Ang bawat isa sa tatlong persona sa isang Diyos (Godhead) ay one-third ng Diyos.

   Tama Mali

7. Ang Ama ay ganap na Diyos.

   Tama Mali

8. Ang Ama ay may buong kalubusan ng pagka-Diyoskatauhan ng Diyos sa kanyang sarili.

   Tama Mali

9. Ang Ama ay walang hanggan.

   Tama Mali

10. Ang Ama ay hindi ang Anak.

    Tama Mali

11. Ang Ama ay ang Banal na Espiritu.

    Tama Mali

12. Ang Anak ay kalahating tao at kalahating Diyos.

    Tama Mali

13. Sa kanyang pagiging tao, ang Anak ay napasailalim ng Ama.

    Tama Mali

14. Ang Anak ay may buong kalubusan ng pagka-Diyos ng Diyos sa kanyang sarili.

    Tama Mali

15. Ang Anak ay nagsimula sa panahon ng kanyang pagkakatawang tao.

    Tama Mali

16. Ang Anak ay nagsimula sa kawalang-hanggan na nakaraan (eternity past).

    Tama Mali

17. Ang Anak ay walang hanggan.

    Tama Mali

18. Ang Anak ay hindi ang Ama.

    Tama Mali

19. Ang Anak ay ang Banal na Espiritu.

    Tama Mali

20. Ang Banal na Espiritu ay ganap na Diyos.

    Tama Mali

21. Ang Banal na Espiritu ay may buong kalubusan ng pagka-Diyos ng Diyos sa kanyang sarili.

    Tama Mali

22. Ang Banal na Espiritu ay isang puwersa.

    Tama Mali

23. Ang Banal na Espiritu ay hindi ang Ama.

    Tama Mali

24. Ang Banal na Espiritu ay hindi ang Anak.

    Tama Mali

25. Sa kanilang kalikasan, ang Anak at ang Banal na Espiritu ay parehong kapantay at walang hanggan din tulad ng Ama.

    Tama Mali

26. Ang Anak at ang Espiritu ay nasa ilalim ng Ama sa kanilang diwa o kalikasan.

Tama Mali

27. Ang Diyos ay umiiral bilang Ama, Anak, at Banal na Espiritu sa iba't ibang panahon o para sa iba't ibang layunin, ngunit hindi kailanman sabay-sabay.

Tama Mali

28. Ang mga persona ng Trinity ay may natatanging tungkulin.

Tama Mali

29. Ang "Ama," "Anak" at "Banal na Espiritu" ay tatlong magkakaibang pangalan para sa iisang persona ng Diyos habang ipinapakita niya ang kanyang gawain sa tatlong magkakaibang tungkulin.

Tama Mali

30. Ang tamang pag-unawa sa Trinity ay mahalaga sa tamang pagsamba sa Diyos.

Tama Mali

31. Ang tamang pag-unawa sa Trinity ay mahalaga sa tamang pag-unawa sa kaligtasan.

Tama Mali

32. Ang anumang analogy na ginamit upang ipaliwanag ang Trinity ay mabibigong kumatawan dito nang may ganap na katumpakan.

Tama Mali

33. Hindi natin maaaring makuha nang may kumpyansa ang doktrina ng Trinity mula sa biblikal na teksto.

Tama Mali

> *"Ang katotohanang ito ay isang malaking misteryo. Sapat na para ito ay tanggapin at paniwalaan, at huwag nating gawin ang lahat ng pagtatangka na magpaliwanag. Kalokohan ang tumanggi sa pagsang-ayon sa mga bagay na hindi natin nauunawaan. Tayo ay hamak na gumagapang na mga uod ng isang araw, at sa ating pinakamahusay na gawa, ay kakaunti ang nalalaman tungkol sa Diyos at walang hanggan. Sapat na tanggapin natin ang doktrina ng Trinidad sa Pagkakaisa, nang may pagpapakumbaba at pagpipitagan, at huwag magtanong nang walang kabuluhan. Maniwala tayo na walang makasalanan ang maliligtas kung wala ang gawain ng tatlong Persona sa Trinidad, at magalak tayo na ang Ama, Anak, at Banal na Espiritu, na nagtutulungan upang gumawa ng tao, ay laging nagtutulungan upang iligtas ito. Huminto muna tayo rito. Maaari nating matanggap sa praktikal ang halos hindi natin maipaliwanag sa teorya.*
>
> —J.C. Ryle

Mga Sagot & mga Paliwanag

1. Mayroong isang Diyos.

   Tama. Ang palagiang patotoo ng Bibliya at mga kredong Kristiyano ay may isang Diyos. Tingnan ang Athanasian Creed na ganito nagsisimula, "At ito ang pananampalatayang katolika: na iisa ang ating sinasambang Diyos…"

2. Ang Diyos ay isang persona.

   Mali. Tingnan ang ikalimang pahayag ng Athanasian creed: "Sapagkat ang persona ng Ama ay isang natatanging persona, ang persona ng Anak ay isa pa, at ang sa Banal na Espiritu ay isa pa rin."

3. Mayroong tatlong Diyos.

   Mali. Tingnan ang definition ni James White tungkol sa Trinity: "Sa iisang Diyos, umiiral nang walang hanggan ang tatlong magkakapantay na persona—ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu."

4. May tatlong persona sa isang Diyos (Godhead).

   Tama. Tingnan ang ikalimang pahayag ng Athanasian creed: "Sapagkat ang persona ng Ama ay isang natatanging persona, ang persona ng Anak ay isa pa, at ang sa Banal na Espiritu ay isa pa rin."

5. Ang tatlong persona sa isang Diyos (Godhead) ay laging may kaugnayan sa isa't isa bilang Ama, Anak at Banal na Espiritu.

   Tama. Tingnan ang ikalima sa mga pahayag ni John Frame: "(1) Ang Diyos ay isa; (2) Ang Diyos ay tatlo; (3) ang bawat tatlong persona ay lubos na Diyos; (4) bawat isa sa mga persona ay naiiba; at (5) ang tatlong persona ay walang hanggang magkakaugnay bilang Ama, Anak, at Banal na Espiritu."

6. Ang bawat isa sa tatlong persona sa isang Diyos (Godhead) ay one-third ng Diyos.

   Mali. Bawat persona ay lubos na Diyos; ang Trinity ay hindi mahahati. Tingnan ang Athanasian Creed (#3–4): "At ito ang pananampalatayang katolika: na iisa ang ating sinasambang Diyos na Trinidad at ang Trinidad na nagkakaisa, na hindi pinag-iisa ang kanilang mga Persona ni hinahati ang kalikasan."

7. Ang Ama ay ganap na Diyos.

   Tama. Tingnan ang Athanasian Creed (#15): "Kaya, ang Ama ay Diyos, ang Anak ay Diyos, ang Banal na Espiritu ay Diyos."

8. Ang Ama ay may buong kalubusan ng pagka-Diyos ng Diyos sa kanyang sarili.

   Tama. Tingnan ang ikatlo sa mga pahayag ni John Frame: "(1) Ang Diyos ay isa; (2) Ang Diyos ay tatlo; (3) ang bawat isang persona ay lubos na Diyos; (4) bawat isa sa mga persona ay naiiba; at (5) ang tatlong persona ay walang hanggang magkakaugnay bilang Ama, Anak, at Banal na Espiritu."

9. Ang Ama ay walang hanggan.

   Tama. Tingnan ang definition ni James White tungkol sa Trinity: "Sa iisang Diyos, umiiral nang walang hanggan ang tatlong magkakapantay na persona—ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu."

10. Ang Ama ay hindi ang Anak.

    Tama. Tingnan ang ikaapat sa mga pahayag ni John Frame: "(1) Ang Diyos ay isa; (2) Ang Diyos ay tatlo; (3) ang bawat isang persona ay lubos na Diyos; (4) bawat isa sa mga persona ay naiiba; at (5) ang tatlong persona ay walang hanggang magkakaugnay bilang Ama, Anak, at Banal na Espiritu."

11. Ang Ama ay ang Banal na Espiritu.

    Mali. Tingnan ang ikaapat sa mga pahayag ni John Frame: "(1) Ang Diyos ay isa; (2) Ang Diyos ay tatlo; (3) ang bawat isang persona ay lubos na Diyos; (4) bawat isa sa mga persona ay naiiba; at (5) ang tatlong persona ay walang hanggang magkakaugnay bilang Ama, Anak, at Banal na Espiritu."

12. Ang Anak ay kalahating tao at kalahating Diyos.

    Mali. Tingnan ang ikatlo sa mga pahayag ni John Frame: "(1) Ang Diyos ay isa; (2) Ang Diyos ay tatlo; (3) ang bawat isang persona ay lubos na Diyos; (4) bawat isa sa mga persona ay naiiba; at (5) ang tatlong persona ay walang hanggang magkakaugnay bilang Ama, Anak, at Banal na Espiritu."

13. Sa kanyang pagiging tao, ang Anak ay napasailalim ng Ama.

    Tama. Bagama't ang Anak ay kapwa walang hanggan at kapantay ng Ama, masaya rin niyang ipinailalim ang kanyang sarili sa Ama. Tingnan, halimbawa, sa Juan 5:36.

14. Ang Anak ay may buong kalubusan ng pagka-Diyos ng Diyos sa kanyang sarili.

    Tama. Tingnan ang ikatlo sa mga pahayag ni John Frame: "(1) Ang Diyos ay isa; (2) Ang Diyos ay tatlo; (3) ang bawat isang persona ay lubos na Diyos; (4) bawat isa sa mga persona ay naiiba; at (5) ang tatlong persona ay walang hanggang magkakaugnay bilang Ama, Anak, at Banal na Espiritu."

15. Ang Anak ay nagsimula sa panahon ng kanyang pagkakatawang tao.

    Mali. Ang Anak ay aktibo sa paglikha at hindi isang nilalang. Tingnan ang Athanasian Creed (#8, 10): "Ang Ama ay hindi nilikha, ang Anak ay hindi nilikha, ang Banal na Espiritu ay hindi nilikha...Ang Ama ay walang hanggan, ang Anak ay walang hanggan, ang Banal na Espiritu ay walang hanggan."

16. Ang Anak ay nagsimula sa kawalang-hanggan na nakaraan (eternity past).

    Mali. Na si Cristo ay nilikha ng Ama bago ang iba pang nilikha ay isa sa mga doktrina ng Arianism, isang heresy na parehong tinuligsa ng Council of Nicea at ng Council of Constantinople, ngunit gayunpaman ay umiiral pa rin hanggang ngayon, halimbawa, sa turo ng mga saksi ni Jehovah. Tingnan ang Athanasian Creed (#8, 10): "Ang Ama ay hindi nilikha, ang Anak ay hindi nilikha, ang Banal na Espiritu ay hindi nilikha...Ang Ama ay walang hanggan, ang Anak ay walang hanggan, ang Banal na Espiritu ay walang hanggan."

17. Ang Anak ay walang hanggan.

    Tama. Tingnan ang definition ni James White tungkol sa Trinity: "Sa iisang Diyos, umiiral nang walang hanggan ang tatlong magkakapantay na persona—ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu."

18. Ang Anak ay hindi ang Ama.

    Tama. Tingnan ang ikaapat sa mga pahayag ni John Frame: "(1) Ang Diyos ay isa; (2) Ang Diyos ay tatlo; (3) ang bawat isang persona ay lubos na Diyos; (4) bawat isa sa mga persona ay naiiba; at (5) ang tatlong persona ay walang hanggang magkakaugnay bilang Ama, Anak, at Banal na Espiritu."

19. Ang Anak ay ang Banal na Espiritu.

    Mali. Tingnan ang ikaapat sa mga pahayag ni John Frame: "(1) Ang Diyos ay isa; (2) Ang Diyos ay tatlo; (3) ang bawat isang persona ay lubos na Diyos; (4) bawat isa sa mga persona ay naiiba; at (5) ang tatlong persona ay walang hanggang magkakaugnay bilang Ama, Anak, at Banal na Espiritu."

20. Ang Banal na Espiritu ay ganap na Diyos.

    Tama. Tingnan ang ikatlo sa mga pahayag ni John Frame: "(1) Ang Diyos ay isa; (2) Ang Diyos ay tatlo; (3) ang bawat isang persona ay lubos na Diyos; (4) bawat isa sa mga persona ay naiiba; at (5) ang tatlong persona ay walang hanggang magkakaugnay bilang Ama, Anak, at Banal na Espiritu."

21. Ang Banal na Espiritu ay may buong kalubusan ng pagka-Diyos ng Diyos sa kanyang sarili.

    Tama. Tingnan ang ikatlo sa mga pahayag ni John Frame: "(1) Ang Diyos ay isa; (2) Ang Diyos ay tatlo; (3) ang bawat isang persona ay lubos na Diyos; (4) bawat isa sa mga persona ay naiiba; at (5) ang tatlong persona ay walang hanggang magkakaugnay bilang Ama, Anak, at Banal na Espiritu."

22. Ang Banal na Espiritu ay isang puwersa.

    Mali. Ang Banal na Espiritu ay isang persona, hindi isang puwersa. Tingnan ang definition ni James White tungkol sa Trinity: "Sa iisang Diyos, umiiral nang walang hanggan ang tatlong magkakapantay na persona—ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu."

23. Ang Banal na Espiritu ay hindi ang Ama.

    Tama. Tingnan ang ikaapat sa mga pahayag ni John Frame: "(1) Ang Diyos ay isa; (2) Ang Diyos ay tatlo; (3) ang bawat isang persona ay lubos na Diyos; (4) bawat isa sa mga persona ay naiiba; at (5) ang tatlong persona ay walang hanggang magkakaugnay bilang Ama, Anak, at Banal na Espiritu."

24. Ang Banal na Espiritu ay hindi ang Anak.

    Tama. Tingnan ang ikaapat sa mga pahayag ni John Frame: "(1) Ang Diyos ay isa; (2) Ang Diyos ay tatlo; (3) ang bawat isang persona ay lubos na Diyos; (4) bawat isa sa mga persona ay naiiba; at (5) ang tatlong persona ay walang hanggang magkakaugnay bilang Ama, Anak, at Banal na Espiritu."

25. Sa kanilang kalikasan, ang Anak at ang Banal na Espiritu ay parehong kapantay at walang hanggan din tulad ng Ama.

    Tama. Sinasabi ng Athanasian Creed (#26): "...sa kanilang kabuuan ang tatlong Persona ay pare-parehong walang hanggan at magkakapantay sa isa't isa."

26. Ang Anak at ang Espiritu ay nasa ilalim ng Ama sa kanilang diwa o kalikasan.

Mali. Tingnan ang Athanasian creed: “Ngunit ang pagka Diyos(Godhead) ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu, ay Isa, ang Kaluwalhatian ay pantay, ang Kamahalan ay walang hanggan.”

27. Ang Diyos ay umiiral bilang Ama, Anak, at Banal na Espiritu sa iba’t ibang panahon o para sa iba’t ibang layunin, ngunit hindi kailanman sabay-sabay.

Mali. Tingnan ang Athanasian Creed (#6): “Ngunit ang pagka-Diyos ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu ay iisa, ang kaluwalhatian ay pantay, at ang kamahalan ay pare-parehong walang hanggan.” Ang Ama, Anak, at Banal na Espiritu ay walang hanggan, hindi pansamantalang estado o kalagayan.

28. Ang mga persona ng Trinity ay may natatanging tungkulin.

Tama. Bagaman ang tatlong persona ay sangkot sa lahat ng gawain ng Diyos, may mga pagkakaiba sa kanilang focus. Maaari nating ibuod ang kanilang mga tungkulin sa pagtubos, halimbawa, tulad nito: plinano ng Ama, isinagawa ng Anak, inilapat ng Espiritu.

29. Ang “Ama,” “Anak” at “Banal na Espiritu” ay tatlong magkakaibang pangalan para sa iisang persona ng Diyos habang ipinapakita niya ang kanyang gawain sa tatlong magkakaibang tungkulin.

Mali. Yamang ang Trinity ay binubuo ng tatlong persona (hindi isa) na umiiral nang magkakasama magpakailanman, ang Diyos ay hindi maaaring maging isang persona na nagpapakita ng kanyang sarili sa iba’t ibang mga tungkulin. Ang maling pahayag na ito ay kilala bilang modalism (o Sabellianism). Bagaman noon pa man ay itinuturing na ito bilang isang heresy, patuloy pa rin itong umiiral. Ang United Pentecostal Church (Jesus-onlyism), halimbawa, ay nagpapatibay ng isang anyo ng modalism.

30. Ang tamang pag-unawa sa Trinity ay mahalaga sa tamang pagsamba sa Diyos.

Tama. Ang tamang pagtingin sa Diyos bilang Trinity ang pundasyon kung saan maaari nating sambahin ang bawat isa sa tatlong persona ng pagka-Diyos (Godhead). Halimbawa, kung ang Anak ay nilikha na napapailalim sa Ama, wala tayong tamang dahilan para sambahin siya.

31. Ang tamang pag-unawa sa Trinity ay mahalaga sa tamang pag-unawa sa kaligtasan.

Tama. Ang kaligtasan ay hindi lohikal at imposible ito kung walang Trinitarian distinctions. Halimbawa, para maibuhos ng Ama ang kanyang poot sa Anak, at para tanggapin ng Ama ang sakripisyo ni Cristo para sa atin, ang mga persona ay dapat na distinct o magkaiba. Ipinaliliwanag ng pagiging walang hanggang Diyos ng Anak kung paanong ang kahalagahan ng kanyang kamatayan ay walang hanggan at sa gayon ay magagawang bayaran ang makatarungang parusa ng kawalang hanggan sa impiyerno para sa lahat ng mga tinubos niya.

32. Ang anumang analogy na ginamit upang ipaliwanag ang Trinity ay mabibigong kumatawan dito nang may ganap na katumpakan.

Tama. Walang ibang katulad ang Trinity, kaya walang analogy ang makapagpapaliwanag nito. Sa katunayan, ang karamihan sa mga analogy ay mas kapaki-pakinabang para sa pagpapaliwanag ng isang heretic na pananaw sa Diyos kaysa sa orthodox at Trinitarian.

33. Hindi natin maaaring makuha nang may kumpyansa ang doktrina ng Trinity mula sa biblikal na teksto.

Mali. Bagama’t wala sa Bibliya ang salitang “Trinity,” ang doktrina ng Trinity ay hango sa maraming pahayag ng Bibliya tungkol sa Diyos at sa tatlong persona ng isang Diyos.

## Recommended Resources

- The Athanasian Creed
- *The Forgotten Trinity* ni James White
- *Salvation Belongs to the Lord* & *Systematic Theology* ni John Frame
- *Systematic Theology* ni Wayne Grudem
- *Delighting in the Trinity* ni Michael Reeves

Bisitahin ang www.challies.com para sa iba pang mga quizzes o para sagutan ang quiz na ito sa interactive format.